

Mga Payo para sa Mga Pamilya:

Maunawaan kung paano nakaapekto ang pandemya sa wika at literacy

Natututo ang iyong mga anak ng literacy at mga kakayahan sa wika sa bahay, sa paaralan at sa komunidad. Naantala ng pandemya ang bawat

isa sa mga larangan na ito, na nakakaapekto sa pagbuo ng literacy at karunungan sa wika sa maagang edad para sa maraming bata.



PAARALAN

Sa unang taon ng pandemya, nagsara ang mga childcare at paaralan para bawasan ang pagkalat ng virus, at inilipat sa online ang pag-aaral. Noong muling nagbukas ang mga paaralan, kinailangan ng lahat na umakma sa mga pagbabago sa bagong kondisyon ng pag-aaral nang personal.

Inihanda ang dokumento noong Agosto 2022 batay sa datos na mayroon.

Bumaba ang mga antas ng pagbabasa.

- Noong Marso 2021, limampu't limang porsiyento ng mga mag-aaral na nasa Baitang 1 sa virtual na pag-aaral ay napag-iwanan sa pagbabasa. Bago magkaroon ng pandemya, ang bilang na ito ay apatnapu't limang porsiyento lang. (Pinagkunan: Toronto District School Board)



Hindi natuto ang mga bata nang nakikita ang mga mukha ng mga tao.

- Karamihan sa mga guro, tagaturo at mga bata ay may suot na mga mask.
- Ang mga baby na kasing bata ng 8 buwan ay natuto ng wika at pagsasalita mula sa panonood ng mga bibig. Mas pinahihirap ng mga mask na makita ang mga expression ng mukha.
- Mahalaga sa pag-aaral ang makita ang mga expression ng mukha para maunawaan ang wika at ang kahulugan sa likod ng sinasabi ng mga tao.



Mahirap ma-access ang pag-aaral sa online.

- Kadalasan, maikli ang pagtuon ng pansin ng mga bata. Ginagawa nitong mahirap na magtuon ng pansin nang matagal online.
- Mahirap para sa mga guro ang pagtuturo online. Para sa mga bata na wala pang anim, mahirap gumawa ng kondisyon na “puno ng wika.”
- Naging hadlang ang teknolohiya. Hindi lahat ay may maaasahang internet.
- Hindi lahat ay may device na magagamit ng kanilang mga anak para sa online na pag-aaral. Mas malamang na mas kaunti sa isang device para sa bawat bata ang mga sambahayan na mababa ang kita.



Nabawasan ang pag-eeenroll sa daycare/kindergarten.

- Ang bilang ng mga bata sa mga kontrolado at hindi kontroladong childcare noong 2020 ay walong porsiyentong mas mababa kaysa noong 2019.
- Iniulat ng ilang lupon ng paaralan na bumaba ang pag-enroll sa kindergarten noong pandemya. Napalampas ng mga batang ito ang mahalagang unang taon ng paaralan.



Para sa higit pang impormasyon sa literacy at pagbuo ng wika sa maagang edad, pakibisita ang Canadian Children's Literacy Foundation sa www.childrensliteracy.ca



Canadian
Children's
Literacy
Foundation

Fondation pour
l'alphabétisation
des enfants
canadiens

Mga Payo para sa Mga Pamilya: Maunawaan kung paano nakaapekto ang pandemya sa wika at literacy



TAHANAN

Ang paggugol ng mas maraming oras sa tahanan ay nakaapekto sa wika at kondisyon para matuto ng mga bata.

Nadagdagan nang malaki ang oras sa screen.

- Sa kasamaang-palad, ang nadagdagang oras sa screen ay maaaring pababain ang mga score sa wika at literacy sa preschool.



Bumaba ang mga antas ng pisikal na aktibidad.

- Ang kalusugan ng katawan at kapakanan ay mahahalagang aspeto ng pagiging handa ng mga bata na pumasok sa paaralan. Nakakaapekto ang mga antas ng pisikal na aktibidad sa paglaki at kalusugan ng isip. Ang mga aktibong mag-aaral ay mas mataas ang mga marka, pagpasok sa paaralan, memorya at maaaring patuloy na gumawa ng gawain sa silid-aralan.



Naharap ang mga pamilya sa panlipunan, emosyonal at pampinansyal na mga stress.

- Ipinapakita ng ebidensya na posibleng nadagdagan ng pandemya ang hindi pagkakasundo sa trabaho at pamilya at paggamit ng alak sa tahanan sa mga mag-asawa noong nag-aaral sa tahanan ang mga bata.
- Ang mga stress na katulad nito ay maaaring humantong sa hindi pagkakasundo sa tahanan, at paghihiyawan o pagsisigawan. Kapag hindi matatag ang mga interaksyon ng mga bata sa mga matanda sa kanilang tahanan o sa tingin nila ang kanilang mga magulang ay hindi mapakali, may posibilidad na maharap sila sa mga hadlang para bumuo ng mga kakayahan na kailangan nila para sa paaralan.



KOMUNIDAD

Noong nagsara ang mga pampublikong serbisyo at mga center sa komunidad, naapektuhan nito ang kabuuang paglaki ng mga bata.

Hindi nasuri ang mga problema sa pandinig ng mga baby.

- Mahalaga ang pandinig sa pagbuo ng mga kakayahan sa pananalita, wika at literacy sa maagang edad. Dahil sa mga paghihigpit ng ospital, ipinagpaliban sa ilang lugar ang mga programa ng pagsusuri ng pandinig sa bagong panganak. Ang mga pagkaantala sa pagsusuri ay maaaring maantala na makita at matugunan ang problema sa pandinig ng bata.



Hindi nakasali sa mga programa sa tahanan ang mga bata, na karamihan ay may mga kapansanan.

- Inilipat sa online ang maraming programang ibinibigay dati sa tahanan. Sa ilang sitwasyon, ang mga virtual na programa ay maaaring kulang sa detalyado at interactive na mga katangian ng mga session sa personal.
- Kung walang mga session sa personal, hindi makakakuha ng parehong mga benepisyo para sa pag-unawa, emosyonal at panlipunan ang mga batang may mga kapansanan na maibibigay ng pag-aaral nang face-to-face.



Mas kaunting bata at pamilya ang nakaka-access ng mga serbisyo sa kalusugan.

- Mahalaga ito sa literacy at pagbuo ng wika sa maagang edad dahil ang mga pagkaantala sa paglaki ay kadalasang natutukoy sa mga karaniwang pagsusuri ng pangunahing doktor sa pangangalaga, o kapag sinabi ng pamilya ang mga alalahanin sa kanilang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan. Kapag hindi nangyari ang mga karaniwang pagsusuri na ito, maaaring hindi mapansin ang mga pagkaantala sa paglaki.



Para sa higit pang impormasyon sa literacy at pagbuo ng wika sa maagang edad, pakibisita ang Canadian Children's Literacy Foundation sa www.childrensliteracy.ca



Canadian
Children's
Literacy
Foundation

Fondation pour
l'alphabétisation
des enfants
canadiens